REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

KAPASIYAHAN BILANG 95-235

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING NG TULONG PINANSIYAL SA PHILIPPINE TOURISM AUTHORITY (PTA) SA PAGTATAYO NG HIMNASYO (GYMNASIUM) SA SOLDIERS' HILLS VILLAGE, PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.
Kgg. Rafael R. Arciaga

************************************************************

Kasamang Nagpanukala:

Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Aldrin L. San Pedro
Kgg. Roman E. Niefes
Kgg. Rey E. Bulay
Kgg. Rufino B. Joaquin
Kgg. Dante S. Almario
Kgg. Victor L. Ulanday
Kgg. Reynaldo A.Abas,Jr.
Kgg. Alejandro L.Martinez
Kgg. Vicente Y. Chua
Kgg. Miguel Luis F. Rios, Jr.
Kgg. Jo Jason T. Alcaraz

************************************************************

SAPAGKAT, ang Philippine Tourism Authority (PTA) ay di lamang may tungkuling itaguyod ang turismo sa bansa kundi ito rin ay tumutulong at nagbibigay suporta sa iba't-ibang pamahalaang lokal para sa kaunlaran nito;

SAPAGKAT, ang Philippine Tourism Authority (PTA) ay may laang-pondo para sa mga proyekto at pambayang gawain ng mga karapat-dapat na pamahalaang lokal na tumutulong upang pagyamanin ang ating bansa;

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa Soldiers' Hills Village at kalapit-lugar ay lubhang nangangailangan na magkaroon ng isang himnasyo (gymnasium) na pagdarausan ng iba't-ibang palakasan, ng sari-saring palabas sa sining at kultura at iba pang aktibidad pang komunidad;

SAPAGKAT, ang mga bukas na espasyo (open spaces) at lahat ng kalsada ay nailipat na sa Pamahalaang Lungsod alinsunod sa Kapasiyahan Bilang 93-118 noon pang Nobyembre 29,1993 kung kaya ito'y nangangailangan ng tulong di lamang sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa kundi sa alinmang Pambansang Tanggapan na maaaring makatulong dito.

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang himnasyo ay nagiging napakalaking pakinabang di lamang sa mga taga Soldiers' Hills kundi gayundin ang iba pang naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan na hilingan sa Philippine Tourism Authority (PTA) ang paggawad ng salaping tulong para sa pagpapagawa ng himnasyo (gymnasium)sa Soldiers' Hills Village, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Panlungsod sa ika-9 na palagiang pulong na ginanap ngayong ika-4 ng Setyembre, 1995 ng Silid Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa.

SUMASANG-AYON

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



(Liban)
KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REY E. BUDAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATOTOHANAN:

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod